



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN  
Ika-22 ng Pebrero, 2024

## Paalala ng Tagapagrehistro sa mga Botante na Bumoto nang Maaga para sa Presidensyal na Primaryang Eleksyon sa Marso

Kung kayo ay isang rehistradong botante at hindi pa ninyo nabotohan ang inyong balota, makakatanggap kayo ng paalala mula sa opisina ng Tagapagrehistro na mayroon na lamang kayong kulang sa dalawang linggo para bumoto sa darating na [presidensyal na primaryang eleksyon sa Marso](#).

Ang Tagapagrehistro ay nagpadala ng mahigit 1.8 milyong postcard na paalala sa mga rehistradong botante sa County ng San Diego na hindi pa bumoboto noong Ika-14 ng Pebrero.

Huwag magpahuli! Kung mayroon kayong hawak na balota, kumilos na at bumoto mula sa kaginhawaan ng inyong tahanan. Pirmahan at petsahan ang inyong sobrang pagbabalikan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at isauli ito kaagad sa pamamagitan ng koreo upang masiguro na makakarating ito sa opisina ng Tagapagrehistro bago dumating ang Ika-5 ng Marso.

Mayroon din kayong opsyon na gamitin ang isa sa 146 na [opisyal na ballot drop box](#) ng Tagapagrehistro. Ang mga secure na stand-alone box ay may logo ng Tagapagrehistro kasama ang seal ng County at may tatak na "Official Ballot Drop Box." Hanapin ang pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng [online locator tool](#) ng Tagapagrehistro o sa loob ng inyong [pamplet ng impormasyon ng botante](#). Tingnan ang oras ng operasyon ng bawat lokasyon bago pumunta sa [sdvote.com](#).

Kung mas maaga na matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas mabilis itong mapoproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.

Kung gusto ninyong bumoto nang personal at iwasan ang mahahabang pila, magbubukas ang [39 na mga vote center](#) araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon simula Sabado, Ika-24 ng Pebrero.

Sa Sabado, Ika-2 ng Marso, magbubukas ang karagdagang [179 na mga vote center](#) para sa kabuuang 218. Ang mga lokasyon ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN  
Ika-22 ng Pebrero, 2024

ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Marso. Sa huling araw ng botohan, Ika-5 ng Marso, lahat ng mga vote center at opisyal na ballot drop box ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Ang maagang pagboto ay kasalukuyang nagaganap sa opisina ng Tagapagrehistro mula ika-8 ng umaga hanggang ika- 5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Dahil sa malaking konstruksyon sa County Operations Center, hinihikayat ang mga nagnanais na bumisita sa opisina ng Tagapagrehistro na maglaan ng karagdang oras para sa paghahanap ng parking.

Sa pamamagitan ng kaunting pagpapalano, maaari ninyong iwasan ang pagkaantala sa pamamagitan ng paggamit sa mabuting benepisyo ng maagang pagboto. May opsyon kayong botohan ang inyong balota sa anumang vote center sa buong county.

Makakahanap kayo ng opisyal na ballot drop box o vote center malapit sa iyo sa loob ng inyong [pamplet ng impormasyon ng botante](#), o maaari ninyo itong tingnan nang online sa [sdvote.com](https://sdvote.com).

Kung plano ninyong [bumoto para sa presidente](#), hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na suriin ang [mga patakaran](#) ng bawat partido.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na primarya sa Marso sa [sdvote.com](https://sdvote.com), o tumawag sa (858) 565-5800 o toll-free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER   